Mensahe Apat

## Ang Kaharian bilang Paglupig sa Pagrerebelde at bilang Pagbabagong-anyo ng Panginoong Hesus

Babasahin sa Kasulatan: Marc. 4:35-41; 9:1-13; Mat. 13:43a

**I. Ang kaharian ng Diyos ay ang kapangyarihan upang lupigin ang pagrerebelde—Marc. 4:35-41:**

A. May dalawang dakilang prinsipyo sa sansinukob—ang awtoridad ng Diyos at ang pagrerebelde ni Satanas; ang namumukod-tanging hidwaan sa pagitan ng Diyos at ni Satanas ay may kinalaman sa awtoridad at pagrerebelde—Gawa 26:18; Col. 1:13:

1. Ang pagrerebelde ay ang pagtatatwa sa awtoridad ng Diyos at ang pagtanggi sa pamumuno ng Diyos:

    a. Si Satanas ay orihinal na isang arkanghel na nilikha ng Diyos, subalit dahil sa kanyang kapalaluan ay itinaas niya ang kanyang sarili, sinuway ang pagkasoberano ng Diyos, nagrebelde sa Diyos, naging katunggali ng Diyos, at nagtatag ng sarili niyang kaharian—Isa. 14:12-14; Ezek. 28:2-19; Mat. 12:26.

    b. Nang magkasala ang tao, siya ay nagrebelde sa Diyos, itinatwa ang awtoridad ng Diyos, at tinanggihan ang pamumuno ng Diyos; sa Babel, ang mga tao ay sama-samang nagrebelde sa Diyos upang ipawalang-bisa ang awtoridad ng Diyos mula sa lupa—Gen. 3:1-6; 11:1-9.

2. Bagaman nagrebelde si Satanas sa awtoridad ng Diyos at bagaman nilalabag ng tao ang Kanyang awtoridad sa pamamagitan ng pagrerebelde sa Kanya, hindi hahayaan ng Diyos na magpatuloy ang pagrerebeldeng ito; itatatag Niya ang Kanyang kaharian sa lupa—Apoc. 11:15.

B. Dumating ang Panginoong Hesus upang itatag ang kaharian ng Diyos para sa katuparan ng walang hanggang layunin ng Diyos—Marc. 1:14-15:

1. Ang kaharian ng Diyos ay isang dibinong kinasasaklawan kung saan maipatutupad ng Diyos ang Kanyang awtoridad upang isagawa ang Kanyang plano—Mat. 6:10, 33; Luc. 12:32; Col. 1:13.

2. Bilang Diyos na nagkatawang-tao, ang Panginoong Hesus ay dumating upang itatag ang kaharian ng Diyos—upang magtatag ng isang kinasasaklawan kung saan maisasagawa ng Diyos ang Kanyang layunin sa pamamagitan ng pagpapatupad ng Kanyang awtoridad—Juan 1:1, 14; 3:3, 5; 18:36:

    a. Upang itatag ang kaharian ng Diyos, tumindig ang Panginoong Hesus bilang isang matagumpay na tao, tinatalo si Satanas at nilalabanan ang lahat ng paghihirap, pagsalungat, at pag-atake—Marc. 1:13; Mat. 4:1-11.

    b. Ipinangaral ng Panginoong Hesus ang ebanghelyo ng kaharian upang ang mga mapagrebeldeng makasalanan ay magsisi at maligtas, maging kuwalipikado, at masangkapan na makapasok sa kaharian ng Diyos—Marc. 1:14-15; Mat. 4:17.

    c. Iginapos ng Panginoon si Satanas, ang malakas na tao, at pumasok sa kanyang bahay upang masamsam ang kanyang mga ari-arian nang sa gayon ay madala ang mga makasalanan tungo sa bahay ng Diyos sa pamamagitan ng pagsisilang na muli para sa kaharian ng Diyos—Marc. 3:27; Efe. 2:19.

d. Habang ang Panginoon ay nagpapalayas ng mga demonyo sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos, winawasak Niya ang kaharian ni Satanas at ipinapasok ang kaharian ng Diyos—Mat. 12:28.

C. Ang talâ sa Marcos 4:35-41 ay isang larawan ng pagrerebelde at ng kaharian ng Diyos bilang kapangyarihan upang lupigin ang pagrerebelde:

1. Si Satanas ay may kaharian, ang awtoridad ng kadiliman, na laban sa kaharian ng Diyos—Mat. 12:26; Gawa 26:18:

a. Ang mga demonyo ay nabibilang sa kaharian ni Satanas at inaangkin ang mga tao para sa kanyang kaharian—Marc. 1:23-27; 5:2-20; 7:25-30; 9:17-27; 16:9.

b. Si Satanas ang pinuno ng sanlibutan at ng awtoridad ng hangin; mayroon siyang mga anghel niya, na mga nasa ilalim niya bilang mga pinuno, mga awtoridad, at mga pinuno ng sanlibutan ng kadiliman ng sanlibutang ito—Juan 12:31; Efe. 2:2; 6:12.

2. Sa pagitan ng salita hinggil sa kaharian ng Diyos sa Marcos 4:26-29 at ng talâ ng pagpapakita ng kaharian ng Diyos sa 5:1-20, mayroong pangyayari ng mabagyong dagat sa 4:35-41:

a. Ang mga natisod na anghel sa hangin at ang mga demonyo sa tubig ay nagtulungan upang hadlangan ang Panginoong Hesus mula sa pagtawid sa kabilang ibayo ng dagat dahil alam nilang magpapalayas Siya ng mga demonyo roon—5:1-20.

b. Sinaway ng Panginoon ang hangin at inutusan ang dagat na manahimik dahil sa mapagrebeldeng mga anghel at mga demonyo na nasa likod ng pangyayari.

c. Pagkatapos Niyang sawayin ang hangin at pagsabihan ang dagat, tumigil ang hangin, at nagkaroon ng malaking kapanatagan, sapagkat ang pagrerebelde ng masasamang anghel at mga demonyo ay nalupig na ng kapangyarihan ng kaharian—4:39.

**II. Ang kaharian ng Diyos ay ang pagbabagong-anyo ng Panginoong Hesus—9:1-13:**

A. Ang inilalarawan sa Marcos 9:1-13 ay isang larawan ng kaharian ng Diyos na dumarating sa kapangyarihan; ang sentro ng larawang ito ay ang naluwalhating Hesus, at kasama Niya sina Moises at Elias, na kumakatawan sa Lumang Tipang mga banal, at sina Pedro, Santiago, at Juan, na kumakatawan sa Bagong Tipang mga banal—bb. 2-4.

B. Ang mabagong-anyo ang Panginoong Hesus ay nangangahulugan na ang Kanyang pagkatao ay natigmakan at nalaganapan ng Kanyang pagkadibino; ang pagbabagong-anyong ito, na siyang pagluluwalhati sa Kanya, ay katumbas ng Kanyang pagdating sa Kanyang kaharian—b. 2:

1. Ang salita ng Panginoon sa bersikulo 1 tungkol sa pagdating ng kaharian ng Diyos sa kapangyarihan ay natupad sa pamamagitan ng Kanyang pagbabagong-anyo sa bundok—bb. 2-3.

2. Ang pagbabagong-anyo, ang pagliliwanag, ng Panginoong Hesus ay ang Kanyang pagdating sa Kanyang kaharian; kung saan naroon ang Kanyang pagbabagong-anyo, naroon ang pagdating ng Kanyang kaharian—Mat. 16:28—17:13; Luc. 9:27-36.

3. Ang pagbabagong-anyo ng Panginoong Hesus ay ang pagsasarealidad ng kung ano Siya.

4. Ang kaharian ay ang pagliliwanag ng realidad ng Panginoong Hesus; ang mapasailalim sa Kanyang pagliliwanag ay ang mapasaloob ng kaharian—Apoc. 22:4-5.

C. Si Kristo ay naihasik tungo sa ating mga puso bilang isang binhi; ang binhing ito ay lalago at uunlad hanggang ito ay mamulaklak at maipakita sa kaluwalhatian—Marc. 4:26-29; Col. 3:3-4:

1. Sa Marcos 9, makikita natin ang pagbabagong-anyo ni Kristo bilang binhi na inihasik sa Marcos 4.
2. Ang Isa na tinanggap natin bilang binhi ng kaharian ng Diyos ay kailangang lumago sa loob natin hanggang sa Siya ay mamulaklak mula sa loob natin; ang pamumulaklak na ito ay magiging ang pagbabagong-anyo ng Panginoon sa loob natin sa isang praktikal, nararanasang paraan—Col. 1:27.
3. Kapag si Kristo ay nabagong-anyo sa loob natin, ang pagbabagong-anyong iyon ay nagiging ang kaharian ng Diyos na pinamumunuan ang lahat ng bagay sa ating buhay—b. 13.
4. Ang ekklesia bilang kaharian ng Diyos ay hindi makaiiral sa natural na buhay kundi makaiiral lamang sa kinasasaklawan ng pagbabagong-anyong ito—Roma 14:17.
5. Kung laan tayong iwala ang ating pangkaluluwang-buhay alang-alang sa Panginoon, mararanasan natin ang isang nananagumpay na pagbabagong-anyo sa buhay-ekklesia; ang pagbabagong-anyong ito ay magiging isang tunay na pagpapanauli—Marc. 8:35-38; Mat. 16:25-27.

**III. "Sa panahong iyon ang mga matuwid ay magliliwanag katulad ng araw sa kaharian ng kanilang Ama"—13:43a:**

A. Sa panahon ng pagpapakita ng kaharian, ang ating pagkatao ay maluluwalhati sa pamamagitan ng maluwalhating pagkadibinong nasa loob natin—Col. 1:27.

B. Sa isang pakahulugan, ang Panginoon ay babalik mula sa langit, ngunit sa isa pang pakahulugan, Siya ay lalabas mula sa atin; kapag lubusan Siyang naipapamuhay sa atin, iyon na ang panahon ng Kanyang pagdating—Mat. 16:27; 2 Tes. 1:10; Col. 1:27; 3:4.

C. Sa panahon ng ganap na pagpapakita ng kaharian, tayo ay lubusang papasok sa kaluwalhatian—Roma 8:18, 21; Heb. 2:10; Fil. 3:21.

D. Sa milenyum, ang mga nananaig na mananampalataya ay makakasama ni Kristo sa maliwanag na kaluwalhatian ng kaharian, samantalang ang mga talunang Kristiyano ay magdurusa ng pagdidisiplina sa kadiliman sa labas—Mat. 13:43a; 8:12.

*© 2024 Living Stream Ministry*